

**Ang Pagkamapagbigay
ng Diyos**

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

WARM-UP

- Anong mga regalo ang natutuwa kang ipamigay? (hal. oras, handmade na mga regalo, pagkain) Bakit mo gustong mamigay ng mga ganitong regalo?
- Ano ang pumapasok sa isipan mo sa tuwing naririnig mo ang salitang “kapayapaan?” Bakit mo ito naiisip?
- Sino ang pinakamapagbigay na tao na kilala mo? Paano niya ipinapakita ang kanyang pagiging mapagbigay?

WORD

Pinag-aapaw n'yo ang panahon ng anihan, at saan ka man dumaan ay puno ng kasaganaan. MGA SALMO 65:11

(Basahin din ang **MGA SALMO 65.**)

Ang Salmo 65 ay isang awit ng pasasalamat sa Diyos. Nagbibigay ito ng mabisang paglalarawan ng pagkamapagbigay ng Diyos: Pinag-aapaw Niya ang panahon ng anihan, ginagawa itong espesyal. Inilalarawan din dito kung paanong ang mga daanan ay umaapaw sa kasaganaan. Isipin ang isang nag-uumapaw na kariton mula sa bukid papunta sa pamilihan. Sobra itong nag-uumapaw na ang mga gulay at iba pang kalakal ay umaagos at pinupuno nito ang lahat ng madaanang kalsada. Ito ang larawan ng pagkamapagbigay ng Diyos. Tignan natin ang tatlo sa napakaraming handog na ibinibigay ng Diyos.

1 Kaligtasan

³*Napakarami ng aming kasalanan, ngunit pinapatawad n'yo pa rin ang mga ito.* ⁴*Mapalad ang mga taong pinili n'yo at inanyayahang manirahan sa inyong templo . . .* **MGA SALMO 65:3,4**

Alam ni David kung ano ang pakiramdam ng pakikipaglaban at pagkahulog sa kasalanan. Gayunpaman, hindi nakatuon ang kanyang panalangin sa kasalanan. Sa halip, pinasalamatan ni David ang Diyos sa Kanyang kaligtasan. Siya ang nagbayad sa ating mga kasalanan. Higit pa dito, pinipili Niya tayo at dinadala palapit sa Kanya. Ilarawan kung paano ka naligtas at paano mo naintindihan ang inihahandog Niya sa atin na buhay na walang hanggan.

2 Kapayapaan

⁶Itinatag n'yo ang mga bundok sa pamamagitan ng inyong lakas. Tunay ngang kayo'y makapangyarihan. ⁷Pinatatahimik n'yo ang ingay ng mga alon, ang hampas ng karagatan, at ang pagkakagulo ng mga tao. MGA SALMO 65:6,7

Ang mga salitang itinatag at manatili ay tumutukoy sa paraan kung paano binibigyan ng Diyos ng kapayapaan ang Kanyang mga mamamayan. Isipin kung gaano katatag at hindi matitinag ang mga bundok. Isipin ang isang payapang dagat, o isang maayos na pulutong ng mga tao. Itinatag ng Diyos ang mga bundok sa kanilang kinalalagyan, at pinapanatili Niya ang mga alon at mga tao. Ang Diyos na nagligtas sa atin at humihila sa atin palapit sa Kanya ay mapagbigay sa Kanyang kapayapaan. Ang kapayapaang ito ay makikita habang tayo ay nagtitiwala sa Diyos at humahanga ng katatagan at kasiguraduhan sa Kanya. Paano mo natutunang magtiwala pa lalo sa Diyos at maranasan ang kapayapaan na inilarawan sa bersong ito?

3 Pagpapala

⁹Inaalagaan n'yo ang lupa at dinidiligan ng ulan. Pinabubunga at pinatataba n'yo ito. Ang mga ilog, O Diyos, ay patuloy n'yong pinaaagos. Binibigyan n'yo ng ani ang mga tao. Ganito ang itinakda ninyo . . . ¹¹Pinag-aapaw n'yo ang panahon ng anihan, at saan ka man dumaan ay puno ng kasaganaan. MGA SALMO 65:9,11

Inililigtas tayo ng Diyos binibigyan tayo ng kapayapaan dahil mahal Niya tayo. Hindi lamang Niya inilalaglag ang mga pagpapala sa Kanyang mga mamamayan kung kailan Niya maisipan o maalalang gawin. Inihahanda Niya ang mga pagpapala para sa atin nang may kagalakan at pananabik, gaya ng ginagawa ng isang ama para sa kanyang mga anak. Ipinagdiwang ni Haring David at ng buong bayan ang pagkamapagbigay ng Diyos sa awit na ito. Makikita natin na kapag pinagpapala ng Diyos ang Kanyang mga anak, ibinubuhos Niya ang nag-uumapaw na biyaya. Paano natin maa-angkin ang Mga Salmo 65:11 sa ating mga buhay ngayong bagong taon?

APPLICATION

- Paano mo magagawang pasalamatang ang Panginoon sa Kanyang pagkamapagbigay ngayong taon?
- Naniniwala ka ba na mapagbigay ang Diyos sa kaligtasan, kapayapaan, at pagpapala? Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang magtiwala sa pagkamapagbigay ng Diyos ngayong linggo?
- Paano mo magagawang maging mapagbigay sa iba ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang pagkamapagbigay, na makikita sa Kanyang kaligtasan, kapayapaan, at pagpapala.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang kumilos nang may pananampalataya ayon sa Kanyang Salita.
- Ipanalangin na maging mapagbigay ka sa mga tao sa paligid mo.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph